# Balitang Manmin

BILANG 206 HULYO 1, 2018


# Aktibo ang Manmin sa Ministeryo ng Pagsusulat at Paglalathala, Isinasalin ang mga Ito sa 61 Wika

## Ika-31 Anibersaryo ng Balitang Manmin




Mga litrato tungkol sa Ministeryo ng Pagsusulat at Paglalathala para sa buong mundo.




▲ Ang *Balitang Manmin* ay inilalathala sa 33 wika.

Katatapos lang ng pagdiriwang ng *Balitang Manmin* ng ika-31 anibersaryo. Nakatuon ito sa paghahatid sa mga tao sa daan patungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng salita ng buhay at mga makapangyarihang pagkilos. Ang pinakaunang edisyon nito ay inilathala noong Mayo 17, 1987, at ang edisyon sa wikang Ingles ay sinimulang ilathala at ipamahagi noong Enero 1991. Noong Nobyembre 2012, sa ika-30 taon ng iglesya, naglabas ng edisyon sa internet (www.manminnews.com). Inilalathala ito ngayon sa 33 wika, English, Chinese, Japanese, Russian, Spanish, Arabic, Hindi, at Hebrew.

Ang babasahing ito na isinasalin sa iba't ibang wika ay inilalathala ng isang beses sa isang linggo, dalawang beses sa isang linggo, isang beses sa isang buwan, o isang beses sa loob ng tatlong buwan, depende ito sa kagustuhan ng mga tao sa bawat lugar o sa situwasyon. Tampok dito ang Salita ng Buhay ni Dr. Jaerock Lee, mga espesyal na artikulo na tumatalakay ng iba't ibang paksa tungkol sa pagtulad sa Panginoon, mga patotoo ng mga miyembro ng iglesya na nakaranas ng pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos sa loob at labas ng Korea, at mga balita tungkol sa iglesya. Nakakatulong ang babasahing ito sa paglago ng buhay bilang Cristiano ng mga nagbabasa kaya gustung-gusto nilang basahin ito. Ginagamit din nila ito sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

### Ang ministeryo sa pagsusulat at paglalathala ng mga libro ay ginagawa din ng Manmin.

Natutuhan ng mga pastor mula sa iba't ibang denominasyon sa buong mundo ang tungkol sa kalooban ng Diyos at pag-ibig ng Panginoon na nakasulat sa Biblia sa pagbabasa nila ng mga libro ni Dr. Lee. Nagbago ang mga kalooban nila.

Naghandog ng napakaraming beses na pag-aayuno at pananalangin si Dr. Lee para hilingin ang paliwanag ng nilalaman ng Biblia, lalo na ng mga talatang mahirap maintindihan. Sinagot ng Diyos ang panalangin niya, ibinigay sa kanya ang interpretasyon. Dahil sa interpretsyong ibinigay sa kanya ng Diyos, nakapaglathala siya ng 112 mga libro, kabilang dito ang *Ang Mensahe ng Krus*, na naglalaman ng tungkol sa pag-ibig ng Diyos at kalooban Niya para sa kaligtasan; *Ang Sukat ng Pananampalataya; Langit; Impiyerno; Espiritu, Kaluluwa, at Katawan; Love is the Fulfillment of the Law*; at *There Is No Law Against Such Things.* Naisalin na ang mga librong ito sa 61 mga wika at nakapagdala ang 480 edisyon sa iba't ibang wika sa daan patungo sa kaligtasan ng mga tao mula sa iba't ibang bansa.

Mayroong ding mga e-books sa Kyobo Book Center, Ridi Books, at Interpark. Ang 518 edisyon sa iba't ibang wika sa 58 wika ay pwedeng basahin sa electronic format. Ibinabahagi ito sa buong mundo para sa mga nagbabasa sa internet gamit ang kindle e-readers, iBooks, at Google Play Books.

Mabibili sa nangungunang bilihan ng libro sa mundo na Amazon.com ang mga e-books ni Dr. Lee tungkol sa buhay niya tulad ng *Buhay Ko, Pananalig Ko, Ang Mensahe ng Krus, Ang Sukat ng Pananampalataya, Langit, Impiyerno, Espiritu, Kaluluwa, at Katawan* sa wikang English, French, Spanish, Portuguese, at Italian.

# Pananampalataya

"Tayo'y lumapit na may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang mga puso ay winisikang malinis mula sa isang masamang budhi at nahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig" (Sa Mga Hebreo 10:22).



**Dr. Jaerock Lee**
Punong Pastor ng Manmin Central Church

- Tagapangulo, The United Holiness Church of Jesus Christ
- Permanenteng Presidente, The World Christianity Revival Mission Association
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Global Christian Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, World Christian Doctors Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Manmin International Seminar
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, The Alliance Holiness Theological Seminary
- Doctorate ng Ministry, at Honorary Doctorate sa Divinity
- Naibrodkast ang mga sermon niya ng Far East Broadcasting Company at ng Asia Broadcast Station
- Ang mga artikulong sinusulat niya ay inilalathala ng The Chosun Ilbo, The JoongAng Daily, The Dong-A Ilbo, The Hankook Ilbo, The Seoul Shinmun, The Hankyoreh Shinmun, The Kyunghyang Shinmun, The Korea Economic Daily, The Shisa News, The Christian Press
- Nagdaos siya ng mga krusada sa Estados Unidos: New York City, Washington D.C., Baltimore, Maryland, Los Angeles, Hawaii; sa Japan; India; Pakistan; Pilipinas; Argentina; Honduras; Peru; Russia; Germany; Kenya; Tanzania; Uganda; The Democratic Republic of Congo; Jerusalem, Israel; at Estonia

Gaya ng sinabi ni Jesus sa mga disipulo Niya sa Mateo 21:22, "At anumang bagay na inyong hingin sa panalangin na may pananampalataya ay inyong tatanggapin." Tatanggapin ng mga anak ng Diyos ang mga kasagutan sa kahit na anong hilingin nila sa pamamagitan ng pananalanging may pananampalataya. Pero ang sukat at ang bilis ng pagdating ng kasagutan ay magkakaiba sa bawat tao.

May mga taong tumatanggap ng kasagutan sa isang beses na pananalangin, ang iba naman ay tumatanggap kahit nakatago lang sa puso ang hinahangad nila, ang iba naman ay dapat manalangin ng ilang araw o mag-ayuno at manalangin para tumanggap ng kasagutan. May mga tao ding nakapagpapakita ng mga tanda at nakapagpapalayas ng mga demonyo at nakapagpapagaling sa pamamagitan ng panalanging may pananampalataya (Marcos16:17-18).

Halimbawa, hindi pa ninyo naranasan ang kapangyarihan ng Diyos kahit sa palagay ninyo, nanalangin kayo ng may pananampalataya. Dapat ninyong suriin kung tunay ang pananampalataya ninyo. Magpakita kayo ng pananampalataya na perpekto, at nakapagbibigay ng lugod sa Diyos para tanggapin ninyo kahit na anong hilingin ninyo sa pananalangin at pananampalataya.

Ano ang dapat nating gawin para magkaroon ang lubos na katiyakan ng pananampalataya para matupad ang mga minimithi ng puso natin?

### 1. Ang koneksyon sa isa't isa ng tapat na puso at ng lubos na katiyakan ng pananampalataya

Mababasa sa Sa Mga Hebreo 10:22, "Tayo'y lumapit na may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang mga puso ay winisikang malinis mula sa isang masamang budhi at nahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig." Kung lalapit ka sa Diyos ng may tapat na puso at may lubos na katiyakan ng pananampalataya, sasagutin Niya anuman ang hilingin ninyo sa inyong panalangin gaya ng ipinangako Niya.

Ang tinutukoy na tapat na puso ay pusong walang kasinungalingan. Sinasabi ng 1Pedro 1:16, "Kayo'y maging banal, sapagkat Ako'y banal." Sa Deuteronomio 18:13, "Dapat kang manatiling walang kapintasan sa PANGINOON mong Diyos." Naisulat, kung matutularan natin ang pag-iisip ng Panginoon (Filipos 2:5) na mayroong pusong tapat, magkakaroon tayo ng lubos na katiyakan ng pananampalataya.

Batid ng Diyos na ang sinasabi ng isang taong may pusong tapat ay pagpapatotoo rin ng katotohanan at paanampalataya. Mabilis ang pagsagot Niya sa mga dalangin ng isang taong tulad nito. Ang pagiging totoo ng patotoo ng bawat tao ay magkakaiba kahit sinasabi nilang lahat na nagtitiwala sila sa Diyos. Ang katapatan ng bawat isang tao ay kasinlaki ng sukat ng pananampalatayang ibinibigay ng Diyos (Mga Taga-Roma 12:3).

Isipin natin ang pagtitiwala ng dalawang tao sa isa't isa. Pwede kayong magpakita ng magkakaibang sukat ng pagtitiwala sa bawat isang tao sa paligid ninyo. Halimbawa, may pinuntahan kayo, iniwan ninyo ang mga anak ninyo sa bahay. Maaaring nagbilin kayo, "Ingatan ninyo ang bahay habang wala kami. May tiwala kami sa inyo." Sa totoo lang, kung nagtitiwala kayo sa kanila, hindi na ninyo kailangang sabihin sa kanila ito. Nagpapakita ito ng hindi perpektong tiwala sa kanila. Malamang inulit-ulit ninyo sa kanila ang dapat nilang gawin bago kayo umalis at tinawagan ninyo sila sa telepono habang wala kayo sa bahay. Pero kung masunurin ang mga anak ninyo, hindi na ninyo dapat ulit-ulitin ang isang bagay. Ito ay dahil pinagtitiwalaan ninyo sila.

Tulad ng naipaliwanag, pwede ninyong pagtiwalaan ang isang bata at hindi pagtiwalaan ang isa. Kung may pinagawa sa inyo ang batang pinagtitiwalaan ninyo, gagawin ninyo ito, hindi na ninyo itatanong kung bakit. Pero kung hindi kayo gaanong nagtitiwala sa bata, tatanungin ninyo ito kung bakit gusto niya ang isang bagay, nagaalangan pa kayo kung gagawin ninyo ito para sa kanya. Parang ganito rin ang relasyon natin sa Diyos bilang mga anak Niya. Katiwatiwala ba kayo sa mata ng Diyos?

Umaasa ako na magkakaroon kayo ng pusong tapat para tanggapin ng Diyos na perpekto ang pananampalataya ninyo. Para sabihin Niya, "Totoo ang pagtitiwala ninyo sa Akin."

### 2. Ang pusong tapat ni Abraham ay puno ng lubos na katiyakan ng pananampalataya

Naging ama ng pananampalataya si Abraham dahil tapat ang puso niya at lubos ang katiyakan ng pananampalataya niya. Wala siyang alinlangan sa kahit na anong pangako ng Diyos sa kahit anong situwasyon. Nagtiwala lang siya.

Noong 75 taong gulang siya, pinangakuan siya ng Diyos na magiging dakilang bansa ang mga anak niya, pero hindi siya nagkaanak sa sumunod na 20 taon. Pero nang 99 taong gulang si Abraham at si Sarah naman ay 89, sinabi ulit ng Diyos na magkakaroon sila ng anak na lalaki sa susunod na taon, kahit sila ay hindi pwedeng magka-anak.

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 4:19-22, "Hindi siya nanghina sa pananampalataya, itinuring niya ang sariling katawan tulad sa patay na (sapagkat siya'y may mga isandaang taon na noon), at ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sarah. Gayunman, hindi siya nagalinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di-paniniwala, kundi pinalakas siya ng pananampalataya habang niluluwalhati niya ang Diyos, at lubos na naniwala na kayang gawin ng Diyos ang Kanyang ipinangako. Kaya't ang kanyang pananampalataya ay ibinilang na katuwiran sa kanya."

Kung iisipin natin, imposible na silang magkaanak, pero hindi nagduda si Abraham sa pangako ng Diyos, lubos ang pagtitiwala niya sa Diyos. Tinanggap ng Diyos ang pananampalataya niya, at gaya ng ipinangako Niya, nagkaroon si Abraham ng anak na lalaki na tinawag na Isaac ng sumunod na taon.

Para tawaging Ama ng Pananampalataya, dapat dumaan sa isang pang pagsubok si Abraham. Sinabi sa kanya ng Diyos na ihandog bilang handog na susunugin ang mapagmahal at mahalagang anak niya na dumating sa kanya sa edad na 100. Ang handog na sinusunog ay isang klase ng sakripisyo na ginagawa noong panahon ng Lumang Tipan. Sa sakripisyong ito, ang hayop na handog ay binabalatan at ang balat ay sinusunog.

Naniwala siya na mabubuhay ng Diyos ang isang taong namatay kahit ihandog niya ang anak niya bilang handog na susunugin (Sa Mga Hebreo 11:17-19). Kaya bilang pagsunod sa Salita ng Diyos, itinali niya ang anak niyang si Isaac at inihiga ito sa altar. Iniunat niya ang kamay niyang may patalim para patayin ang anak niya.

Nang sandaling iyon, nagpakita sa kanya ang anghel ng Diyos at sinabing, "Huwag mong sasaktan ang bata, o gawan man siya ng anuman, sapagkat ngayon ay nalalaman ko na ikaw ay may takot sa Diyos, at hindi mo ipinagkait sa akin ang iyong kaisa-isang anak" (Genesis 22:12).

Sa pagsubok na ito, tinanggap ng Diyos na perpekto ang pananampalataya ni Abraham. Ipinahayag sa lahat ng bansa na karapat-dapat siyang tawaging Ama ng Pananampalataya.

### 3. Ang bunga ng pusong tapat ay lubos na katiyakan ng pananampalataya

Hindi ko pinagdudahan ang Diyos noong dumaan ako sa mga pagsubok at kahirapan. Mas lalong lumago bawat araw ang pananampalataya ko sa Diyos. Pitong taon akong nagdusa sa maraming karamdaman, naghintay na lang ako ng kamatayan, walang nagawa. Pero kinatagpo ako ng Diyos, at sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya, gumaling agad lahat ng mga karamdaman ko.

Dahil tumanggap ako ng malaking pagpapala at pag-

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
**Balitang Manmin**
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

ibig mula sa Diyos, gusto kong mas makilala pa Siya. Dumalo ako sa lahat ng mga pagsamba at mga pulong na pampasigla ng espiritu, naging masipag ako sa pag-aaral at pagsasabuhay ng Salita Niya. Hinangad kong makinig ng Salita Niya at maunawaan ang kalooban Niya. Nang malaman ko na hindi dapat naglalasing at naninigarilyo ang isang Cristiano, itinigil ko ang mga ito. Dahil natutuhan ko ang pagbibigay ng ikapu at pagkakaloob bilang pagpapasalamat sa Diyos, sumunod ako.

Nagbasa din ako ng Biblia. Sinikap kong sundin ang sinasabi nito tungkol sa mga bagay na dapat gawin, sundin, huwag gawin, at iwaksi, idinalangin ko ang mga ito. Kung nahihirapan akong sumunod, nag-aayuno ako. Habang nananalangin ako at sumusunod sa Salita, nakamit ko ang pusong tapat, walang kasinungalingan, malinis, at mabuti, walang kasalanan at kasamaan. Tumutulad sa Panginoon.

Malakas na ang loob kong humiling sa Diyos ng kahit na anong bagay, mababasa natin sa 1 Juan 3:21, “Mga minamahal, kung tayo’y hindi hinahatulan ng ating puso, tayo ay may kapanatagan sa harapan ng Diyos.” Habang nagiging tapat ang puso ko, mas nagiging lubos ang katiyakan ng pananampalataya ko. Sinasagot ng Diyos ang mga kahilingan kong may kalakip na perpektong pananampalataya.

Noong Pebrero 1983, ikapitong buwan pagkatapos buksan ang iglesya, natulog ang tatlong anak kong babae sa basement ng gusali. Natagpuan sila at isa pang kabataang lalaki na walang malay dahil nalason sila ng nalanghap nilang carbon monoxide. Parang hindi na sila mabubuhay dahil buong gabi nilang nilanghap ang gas. Binuhat namin sila papunta sa santuwaryo at inihiga sa sahig. Lumapit ako sa pulpito, lumuhod sa harapan ng Diyos, at nagpasalamat.

Pagkatapos, nilapitan at idinalangin ko ang kabataang lalaki, ang bunsong anak, ang sinundan niya, at ang panganay. Sa loob ng dalawang minuto, nagkamalay at tumayo sila. Nakatulong ang pangyayaring ito para lumago ang pananampalataya ng mga miyembro ng iglesya, at tinanggap ng Diyos ang pananampalataya ko, binigyan niya ako ng mas malaking kapangyarihan.

Kung hindi magbabago ang pagpapakita ninyo ng totoong pananampalataya kahit sa mga pagsubok, tatanggapin ito ng Diyos na tunay at lubos. Bibigyan Niya kayo ng pagpapala. Hindi kayo pwedeng akusahan ni Satanas laban sa pagtanggap ninyo ng pagpapala dahil makikita din niyang totoo ang pananampalataya ninyo. Dahil sa pangyayaring iyon, nakapasa ako sa bawat pagsubok na dumating sa akin, may pusong tapat, at lubos na katiyakan ng pananampalataya. At palaki ng palaki ang kapangyarihang ibinibigay sa akin ng Diyos.

Dahil sa kapangyarihan ng Diyos na ibinigay sa akin, nakapagdadaos ako ng mga krusada sa ibang bansa magmula noong taong 2000. Imposibleng magdaos ng mga ganitong klaseng krusada kung iisipin ko ang mga problemang haharapin ko o kung gagamitin ko ang karunungan ko. Pero sa Manmin, nagtiwala lang kami sa salita ng Diyos. Dahil dito, nagkaroon ng napakalaking bunga ang mga krusada, lampas pa sa kaya naming isipin, lahat ng luwalhati ay inihandog namin sa Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, mabubuksan ng master key ang lahat ng klase ng kandado; parang master key ang pananampalataya ng tao. Kung perpekto ang pananampalataya ninyo, ang imposibleng mangyari sa mundo nating may limitasyon ay magiging posible. Kaya hinihikayat ko kayong magtiwala at lubos na umasa sa kapangyarihan ng Diyos na ginagawang bago ang lahat ng bagay sa isang iglap, kahit parang hindi tayo makaalis sa isang situwasyong walang katiyakan at puno ng mga bagay na imposibleng mangyari.

Kung tapat ang puso ninyo at may lubos kayong katiyakan ng pananampalataya, pwede ninyong lutasin ang kahit na anong problema, kahit kumplikado. Mapoprotektahan din kayo mula sa mga aksidente, kalamidad na dala ng kalikasan, o mga sakit na nakakahawa. Maluluwalhati din ninyo ang Diyos tulad ng ginawa ni Daniel at ng tatlong kaibigan niya, nabuhay sa loob ng kweba ng mga leon, at sa hurno na may naglalagablab na apoy, kahit gusto kayong pabagsakin ng masasamang tao sa pamamagitan ng masasamang balak at patibong nila.

Mababasa sa 2 Mga Cronica 16:9, “Sapagkat ang mga mata ng PANGINOON ay nagpaparoo’t parito sa palibot ng buong lupa, upang ipakita ang Kanyang kapangyarihan alang-alang sa kanila na ang puso ay tapat sa Kanya…” Kung minsan, nagkakaroon ng problema ang mga anak ng Diyos habang narito sa mundo. Sa mga pagkakataong ito, umaasa ang Diyos na magtiwala at umasa tayo sa kapangyarihan Niya, manalangin ng may lubos na katiyakan ng pananampalataya, at manatiling umaasa sa Kanya.

Maaari kayong lumapit sa Diyos kung ang puso ninyo ay malinis, walang masamang konsiyensya, at ang katawan ninyo ay nahugasan ng malinis na tubig, ibig sabihin, ng Salita ng Diyos. Kaya kung isasabuhay ninyo ang Salita, pwede ninyong iwaksi ang masasamang element at kasamaan mula sa puso ninyo. Magkakaroon kayo ng pusong tapat na may lubos na katiyakan ng pananampalataya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na ibigay nawa Niya sa inyo ang mga bagay na hinihingi ninyo sa Kanya.


## Mga pangunahing libro ni Dr. Jaerock Lee


Dapat ninyong basahin ito, inilathala sa 60 wika para mabasa ng buong mundo! Malalaman ninyo kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin!




Mababasa ang tunay na diwa ng pananampalataya at mga paraan ng pagpapalago ng pananampalataya. Tutulungan kayo ng librong ito na gamitin at tularan ang mga halimbawa ng pananampalatayang nakasulat sa Biblia!





Isang lugar na maganda at maliwanag na parang kristal kung saan naroon ang kaluwalhatian ng Diyos! Detalyadong pagsasalarawan ng kaligayahan at kaluwalhatian na nararanasan ng mga mamamayan ng langit!




Isang maalab na mensahe ng Diyos para sa sangkatauhan, Hinahangad Niya na wala ni isang kaluluwa ang mahuhulog sa kalaliman ng impiyerno!




Kwento ng buhay ni Dr. Jaerock Lee Nilalarawan ang buhay niya mula ng makilala niya ang Diyos mula noong malapit na siyang mamatay hanggang maging makapangyarihang pastor na siya!





## “Nagbibigay ng buhay ang mensahe, nagpapapanibago at nagpapasaya ito sa atin!”



“Nagbibigay buhay ang *Balitang Manmin.* Natutuhan ko ang mga pinakamahalagang sangkap ng isang buhay Cristiano sa pamamagitan ng salita ng buhay. Bukod dito, hinaplos ang puso ko ng mga patotoo tungkol sa pagpapagaling at dahil mahimalang gumaling ang anak kong lalaki mula sa karamdaman niya sa tulong ng panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon.”

**Ms. Lina Dabbagh, Jerusalem, Israel**



“Wala pa akong nakilalang ibang pastor tulad ni Dr. Jaerock Lee na nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Si Jesu-Cristo ang nasa sentro ng iglesya niya na Biblia ang saligan. Pinukaw ng libro niyang *Ang Mensahe ng Krus* ang buong New York City dahil ipinapaliwanag nito ang kalooban ni Jesu-Cristo. Babaguhin ng librong ito ang bansa natin at malaki ang maiaambag nito sa mga iglesya sa buong mundo.”

**Dr. Ruben Diaz, Dating Senador ng New York**



“Nang basahin ko ang libro ni Dr. Lee na *Ang Sukat ng Pananampalataya*, nabigla ako ng malaman kong magkakaiba ang magiging tirahan natin sa langit. Ito ay ibabagay sa sukat ng pananampalataya ng bawat isa. Pinalago ang pananampalataya ko at pinapayapa ang damdamin ko ng mga mensahe niya tungkol sa ‘Pananampalatayang Makalaman at Pananampalatayang Espirituwal’ at ‘Nagdurusa sa Karahasan ang Kaharian ng Langit’.”

**Pastor Sergey Stagneev, Bread of Life Church, Russia**



“Hindi malinaw sa akin ang tungkol sa langit, pero pagkatapos kong basahin ang librong *Langit* na isinulat ni Dr. Jaerock Lee, naging maliwanag ang lahat. Nagtayo ako ng limbagan ng libro para maipakalat ang banal na ebanghelyo na mula sa Biblia. Dahil sa librong ito, nalaman ko na magkakaiba ang tirahan natin sa langit at ang kaluwalhatian ng tao, ayon ito sa sukat ng pananampalataya ng bawat isa. Nakakamangha ang pagsasalarawan ng Bagong Jerusalem bilang pinakamagandang tirahan sa langit.”

**Ms. Deborah Tang,
CEO ng Malaysia Manmin Publisher (MMP)**

# "Gumaling ang asawa ko mula sa baradong mga ugat sa utak, wala itong masamang epekto sa kanya!"



Diakonesa Haesuk Lee, 62 taong gulang, Parokya 24, Manmin Central Church

Noong Marso 13, 2018, nagbiyahe kaming dalawa ng asawa ko sa Europa. Sumakay kami sa tren sa Zermatt para makita ang kagandahan ng kabundukan na nababalutan ng yelo at may taas na 3,100 talampakan. Habang nasa kalagitnaan ng kabundukan, sinabi ng asawa kong si Kap. Seokgeun Im na nahihilo siya, mukhang may sakit siya. Inisip kong dahil siguro nasa mataas na lugar lang kami. Pero hanggang sa makabalik kami sa hotel, mukhang maysakit pa rin siya. Nagbaliktanaw kami sa naging buhay namin bilang mga Cristiano, at nanalangin kami.

Kinabukasan, nabigla ang isang empleyado ng travel agency nang makita niyang parang mabubuwal ang asawa ko, tumawag siya ng ambulansya. Dumating ang mga paramedics para suriin ang kondisyon ng asawa ko. Isinakay nila ito sa helicopter para mabilis na makarating sa ospital. Dahil wala akong ibang makausap o mahingan ng tulong ngayong nasa ibang bansa ako, lumapit ako sa Diyos.

Nakita sa MRI na malala ang bara sa ugat sa utak niya. Sinabi ng doctor na dapat siyang operahan agad, pero napakamahal nito. Gusto naming bumalik agad sa Korea, pero sabi ng doctor hindi pwede. Pinapirma kami ng ospital sa isang kasunduan na wala silang responsibilidad kung sakaling may mangyari sa asawa ko kapag uuwi kami. Sa tulong ng tour guide namin, nakauwi kami sa Korea.


Noong Marso 16, ika-5:00 ng hapon, dumating kami sa Incheon International Airport pagkatapos ng walong oras na biyahe mula sa Zurich Airport. Dumerecho kami ng asawa ko sa ospital. Sinabi ng doktor na dapat siyang maoperahan agad sa kalagayan niya, himalang nakarating pa siya ng buhay sa Korea pagkatapos ng mahabang pagbibiyahe. Habang nasa ospital siya, hindi niya naigalaw ang kanang braso at binti niya, at hindi din siya makapagsalita ng maayos.

Noong Marso 19, dumating sa ospital ang pastor ng parokya, idinalangin niya ang asawa ko gamit ang panyong dinalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos ng panalangin, mukhang mapayapa na siya, mabilis ang paggaling niya. Nagsimula siyang humakbang at maglakad ng maayos. Naigalaw na niya ang mga kamay niya at nakakapagsalita na rin siya.

Noong Marso 24, nakauwi siya mula sa ospital pagkatapos ng siyam na araw kahit sinabi ng doktor na aabutin ng mga anim na buwan ang lubos na paggaling niya. Wala ring masamang epekto sa kanya ang naging sakit niya, bumalik siya sa normal. Noong Abril 5, nagtrabaho na ulit siya. Hallelujah!

Dahil sa nangyari sa kanya, tumigil na siya sa pag-inom ng alak at sinabing magbabago na siya sa harapan ng Diyos. Nagpapasalamat ako sa Diyos, niluluwalhati ko Siya. Prinotektahan Niya ang asawa ko dahil siya ay isang tupang alaga ng pastol. Ginagawa Niyang mabuti ang lahat ng bagay.

MRI scan (bago ipanalangin)



▲ Baradong ugat sa kaliwa at kanang bahagi ng utak
▶ Baradong ugat sa utak

# "Nagbago ang buhay ko magmula ng masagot lahat ng katanungan ko tungkol sa Biblia!"

Cristiano ang pamilyang kinabibilangan ko, pastor ang tatay ko. Kaya lang, marami akong katanungan tungkol sa Biblia, nalito ako kung paano mabuhay ng tama bilang isang Cristiano. Noong taong 2008, araw ng Linggo, binuksan ko ang TV, napanood ko si Dr. Jaerock Lee sa Enlace TV, isang nangungunang brodkaster para sa mga taong kastila ang wika. Sa napanood ko, ibinabahagi ni Dr. Lee ang sermon na "Ang Mensahe ng Krus." Mukhang mapayapa ang pagsambang idinadaos at nakakabilib ang kabutihan at pagpapakumbaba ni Dr. Lee. Gusto kong mapakinggan ang iba pang mga sermon niya kaya binasa ko ito sa website ng iglesya.

Ang website ay mayroong walong wikang pagpipilian, mabuti na lang, mayroong wikang Kastila. Pinakinggan ko ang mga sermon niya, binasa ko ang mga salita sa wikang Kastila. Pinakinggan ko rin ang mga bagong sermon. Hinaplos ng sermon niyang "Langit" ang puso ko. Binasa ko rin ang iba pang mga libro niya tulad ng *Ang Mensahe ng Krus*, *Ang Sukat ng Pananampalataya*, at *Espiritu, Kaluluwa, at Katawan*. Habang nagbabasa ako, natiyak ko na isinulat ang mga libro batay sa Biblia at may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu.

Masayang-masaya ako sa pagbabasa ng mga librong *Langit* at *Impiyerno*. Naisip ko kung gaanong pag-aayuno at pananalangin ang inihandog ni Dr. Lee para tanggapin ang interpretasyon tungkol sa malalalim na misteryo ng mundong espirituwal. Nagbago ang buhay ko habang isa-isang nasagot ang mga katanungan ko ng mga sermon niya, parang pulot na hindi ko pa natikman dati. Naging masigasig ako, tinanggap ko ang makapangyarihang pananalangin, tapat na nagsumikap ng may pag-asa para sa langit, nagpursigi akong maging banal. Ginawa ko ang sinabi ni Dr. Lee na magbasa ng isang kabanata mula sa Biblia at magsaulo ng isang talata bawat araw, kaya nabasa ko na ang buong Biblia ng apat na beses.

Noong Pebrero 2017, nagrehistro ako bilang miyembro ng Manmin Central Church sa internet. Dinaluhan ko ang mga pagsamba ng iglesya, ang pulong panalanging Daniel sa SNS tulad ng Facebook at YouTube dahil magkaiba ang oras ng Chile at Korea, 12 hours ang pagitan. Itinuturo ko rin sa mga miyembro ng iglesya ko ang buod ng "The Message of the Cross" at "Ang Sukat ng Pananampalataya." Simple lang ang paraan ko, nagsusulat ako ng mga tanong at ipasasagot ko sa kanila. Sa paraang ito, maraming natutuhan ang mga miyembro ng iglesya tungkol sa mga tuntuning espirituwal tulad ng kahalagahan ng pagsunod sa pananatiling banal ng Araw ng Panginoon. Tumanggap sila ng maraming pagpapala dahil dito.

Noong Marso 19, 2018, nagising ako dahil sa matinding pananakit ng tiyan. Inilapat ko ang panyong may kapangyarihan ng Diyos sa tiyan ko at pinagsisihan ang pagkukulang ko ayon sa katotohanan (Ang Mga Gawa 19:11-12). Humiling din ako ng pagpapagaling, kaya nabawasan ang pananakit ng tiyan ko.

Manmin Central Church ang pinakamahusay na iglesya sa buong mundo. Ipinapakita nito na buhay ang Diyos na Manlilikha at ibinabahagi ang pag-ibig ng Panginoon. Ang makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu ay nangyayari din dito.

Umaasa ako na sa pamamagitan ng ministeryo ng Manmin, lahat ng tao sa Chile ay maliligtas, at gigising mula sa pagtulog ang espiritu ng maraming Cristiano.






Kapatid Carlos Delgado Fuentealba, 26 taong gulang, Chile

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714